# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

# Yunit I

# Modyul Blg. 4

# Manampalataya Ka at Kumilos

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Mahal kita!  Kumain ka na ba?  Napakasarap pakinggan.ang pagmamahal at pagmamalasakit sa mga katagang ito.  Subalit higit na makatotohanan ang mga ito kung maipakikita sa kilos.  Sapagkat ang pagsasabuhay ng anumang pagpapahalaga ay nagpapamalas ng taos na pananampalataya sa Diyos at nag-aangat ng iyong ispiritwalidad.

Kailan  ka huling gumawa ng kabutihan sa iyong kapwa?  Mabuti ang lagi kang nagdarasal at umasa, ngunit kailangan mo ring kumilos at gumawa nang mabuti para sa iba.

Sa modyul na ito, makikilala moang kahalagahan ng pagkilos upang iangat ang iyong pananampalataya tungo sa tunay na ispiritwalidad.   Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang matututuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

*Naipakikita ang pagsasabuhay ng pananampalataya sa mga gawaing nakatutulongsa kapwa at kapaligiran (LC 1.10)*

1. Nakikilala ang iba't ibang paraan ng pagsasabuhay ng pananampalataya
2. Nasisiyahan sa pagsasabuhay ng pananampalataya
3. Natutukoy ang ang mga pamamaraan ng pag-angat ng ispiritwalidad

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang-aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at ibang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ano ang kahulugan ng pahayag na "patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa"?
   a. Mahirap maligtas ang iyong kaluluwa kung magdarasal ka lamang.
   b. Nasa pagtulong sa kapwa ang pagsasabuhay ng pananampalataya.
   c. Ipagdasal nating ang mga taong nagugutom.
   d. Nalalapit sa Diyos ang taong kumikilos.

2. "Nag-iiwan tayo ng marka sa bawat kabutihang ating ginagawa." Ano ang ibig sabihin nito?
   a. Iginuguhit sa palad ng tao ang kanyang mga ginagawa.
   b. Nakikilala ang ginawang kabutihang ginagawa natin sa ating kapwa.
   c. Nararamdaman ng tao ang iyong kabutihan.
   d. Ang gawang mabuti ay nakaguhit sa ating buhay.

3. Likas sa tao ang pagiging maka-Diyos at ang patunay nito ay:
   a. ang pagtatanong ng tao ukol sa kapangyarihan ng Diyos.
   b. ang pagdududa ng tao sa kapangyarihan ng Diyos.
   c. ang pagtanggap niya sa kanyang mga lakas at kahinaan.
   d. ang patuloy niyang pag-aaral at pananaliksik sa katotohanan

4. Isinilang ang tao na hindi perpekto katulad ng Diyos subalit maaari siyang:
   a. sumunod sa kapangyarihan ng Diyos.
   b. tumulad sa kabutihan ng Diyos.
   c. manalangin upang maging perpekto tulad ng Diyos.
   d. magsaliksik upang maging perpekto tulad ng Diyos.

5. Hindi maaaring sabihin sa isang taong nagugutom na ipagdasal niya ang kanyang pagdurusa. Kailangan ay:
   a. manalangin ka rin upang maibsan ang kanyang gutom.
   b. makiramay ka sa kanyang gutom na nadaraman.
   c. may gawin ka upang maibsan ang kanyang gutom.
   d. tumawag ng ibang taong maaaring tumulong sa kanyang pagdurusa.

B. Lagyan ng tsek ang kolum ng dalas ng pagsasabuhay ng iyong pananampalataya.

| Mga Paraan ng Pagsasabuhay ng Pananampalataya | Minsan 1 | Madalas 2 | Palagi 3 |
|---|---|---|---|
| 1. Pagsali sa mga gawaing pansimbahan | | | |
| 2. Pagbibigay ng limos | | | |
| 3. Pakikinig sa kaibigang may suliranin | | | |
| 4. Pagsali sa mga gawaing pampamayanan | | | |
| 5. Paglilinis ng bahay | | | |
| 6. Pagtuturo sa kamag-aral ng mga araling hindi nila maunawaan | | | |
| 7. Pagninilay-nilay bago matulog sa gabi | | | |
| 8. Pagtulong sa nasalanta ng kalamidad | | | |
| 9. Pagbabasa ng Bibliya | | | |
| 10. Paggawa ng gawaing bahay | | | |

## II. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Basahin ang bawat sitwasyon. Kilalanin ang paraan ng pagsasabuhay ng pananampalataya ng bawat tauhan. Pagkatapos punan ang tsart sa ibaba.

| Pangunahing Tauhan sa Kwento | Mga Katangian | Paraan ng Pagsasabuhay ng Pananampalataya |
|---|---|---|
| A. Ang mayaman | | |
| B. Ang banal | | |
| C. Gng. Santos | | |
| D. Pamilyang Gomez | | |


**A.**

Isang mayaman ang kilala sa pagiging mabait. Isang lalaki ang nagnais na malaman kung paano niya ito ginagawa. Siya ay nagtungo sa bahay ng mayaman at siya naman ay pinatuloy nang maayos. Tinanong ng lalaki kung ano ang sikreto niya subalit sinabi ng huli na wala. Pinilit pa rin siya ng lalaki kaya sinabi niyang pinatutuloy niya ang lahat ng mapadaan sa kanila. Hindi niya minamaliit ang mahihirap at pantay ang kanyang pakikiharap sa lahat.




**B.**

Isang banal na matandang lalaki ang kailangang tumigil ng ilang araw sa Paris. Pumunta siya sa isang malaking simbahan na may panuluyan. Binigyan siya ng pari ng isang maliit na kuwarto sa pinakataas ng ikaaanim na palapag. Dumaan ang ilang taon at dumating ang pagkilala at kanonisasyon ng banal na ito. Sinabi ng pari na kung nalaman lang niyang magiging santo siya ay hindi sana niya pinatuloy sa ikaanim at dulong palapag.



**C.**

Si Gng. Santos ay hindi makatulog sa gabi. Nararamdaman niyang may ipinapagawa sa kanya ang Diyos. Ngunit hindi niya ito maisip. Siya naman ay aktibo sa gawing pangsimbahan. Miyembro siya ng mga samahang tumutulong sa mahihirap. Naglilimos siya sa mg pulubi. Isang araw ay naalala niya si Ela, kanyang labandera na may apat na anak na nag-aaral. Naisip niyang hindi sapat ang kanyang ipinasusuweldo kahit na hindi ito umaangal. Naisip niyang marahil, ito ang mensahe ng Diyos kaya't tinaasan niya ang suweldo ni Ela.



**D.**

Malaki ang pamilya Gomez. May walong anak at nakikipanirahan pa ang lola at isang tiyahin. Maliit lamang ang kanilang tirahan. Lahat ng bata ay nag-aaral ngunit bawat isa ay mayroong gawain sa bahay. Si Gng. Gomez ay nagluluto ng mga pagkain na ibinibenta sa kapitbahay. Lagi silang masaya.



## Sagutin Mo

1. Paano ipinamalas ng mga tauhan ang kanilang pagsasabuhay ng kanilang pananampalataya?
2. Sa apat na tauhan, kanino ka higit na humanga? Ipaliwanag.
3. Anu-ano ang mga katangiang nararapat upang maisagawa mo ang mga gawaing mag-aangat ng iyong ispiritwalidad?

## Gawain Blg. 2

May mga gawaing ayaw mong gawin dahil maaaring nahihirapan o sadyang hindi mo nais gawin ang mga ito. Subalit ang pagtitiis at pagtitiyagang tapusin ang isang gawaing ayaw mo ay paraan ng pagsasabuhay ng iyong pananampalataya. Maaaring ialay mo ang isang gawain sa makabuluhang bagay upang maging magaan ang pagtupad nito.

Ngayon ay subukin mong gawin ang sumusunod:

1. Sa unang kolum, isipin at isulat ang:
    A. gawaing ayaw mong gawin sa inyong tahanan
    B. gawaing ayaw mong gawin sa inyong paaaralan
    C. taong ayaw mong kausapin at pakitunguhan
2. Sa ikalawang kolum, isulat kung kanino mo maaaring ialay ang gawaing isinulat mo sa A at B ng unang bilang. Kung kakausapin mo ang taong isinulat mo sa C, kanino mo iaalay ito? Isulat ang sagot sa hanay ng titik C.
3. Itala sa huling kolum ang pakiramdam pagkatapos ng gawain.

| Gawaing ayaw gawin sa: | Iniaalay ang gawaing ito kay | Nadama Pagkatapos ng gawain |
|---|---|---|
| A. tahanan: | | |
| B. Paaralan: | | |
| C. Taong ayaw kausapin at pakitunguhan | | |

## Sagutin Mo

1. Nahirapan ka ba sa gawain? Bakit?
2. Paano naging inspirasyon ang mga taong pinag-alayan mo ng gawain?
3. Paano isinabuhay ang iyong pananampalataya mula sa mga gawain at taong iyong pinakitunguhan?

## Gawain Blg. 3

Maaaring hindi pa sapat ang isang araw na gawaing iyong natapos upang isabuhay ang iyong pananampalataya. Hindi rin masasabing ganap na ang iyong buhay ispiritwal pagkatapos ng gawain. Kaya ngayon, narito ang gawain na tutukoy sa mga pamamaraan ng pag-angat ng kalikasang ispiritwal.

Basahing mabuti ang pahayag mula sa Banal na Kasulatan (Santiago 2:14-17):

"Pananampalataya at mga Gawa

Mga kapatid, ano ang mapapala ng isang tao kung sasabihin niyang siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa gawa? Maililigtas ba siya ng gayong pananampalataya? Halimbawa: ang isang kapatid na walang maisuot at walang makain. Kung sasabihin ng isa sa inyo, "Patnubayan ka nawa ng Diyos. Magbihis ka't magpakabusog." Ngunit hindi naman siya binibigyan ng kanyang kailangan, may mabuti bang maidudulot sa kanya iyon? Gayon din naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa.

Mula sa iyong binasa, isulat ang mga pamamaraan upang isagawa ang mga balaking gawain para sa pamilya, simbahan, at pamayanan upang maiangat ang kalikasang ispiritwal.

Pamilya

Simbahan

Pamayanan




**Sagutin Mo**

1. Natukoy mo ba ang iba't ibang paraan ng pagsasabuhay ng pananampalataya? Patunayan.
2. Bakit kailangang isabuhay mo ang iyong pananampalataya?

## III. Ano Ang Natuklasan Mo?

**A.** Nakilala mo ang mga paraan ng pagsasabuhay ng pananampalataya na mag-aangat ng iyong kalikasang ispiritwal. Ngayon, isipin mo ang isang awiting nagpapagaan ng iyong damdamin sa tuwing naririnig mo ito. Naglalaman ito ng mga konsepto tungkol sa pagsasabuhay ng pananampalataya. Isulat ito sa kahon at guhitan ang mga salitang tumutukoy sa pagsasabuhay ng pananampalataya. Isulat mo ang pamagat sa patlang

______________________________
Pamagat



Damdamin ko tuwing naririnig ko ang awit:

______________________________

______________________________

______________________________

**B.** Mula sa mga naging gawain, ipahayag ang iyong pananaw sa pamamagitan ng pagtapos ng mga sinimulang pangungusap.

1. Nakilala ko na ang pagsasabuhay ng pananampalataya ay ____________________________________________
2. Ibaiba ang paraan ng pagsasabuhay ng pananampalataya tulad ng ________________________________________
3. Sa pagsasabuhay ng pananampalatay, makikita ang tunay na ____________________________________________

# IV. Pagpapatibay

## Ang Tunay na Diwa ng Pananampalataya

Ang tao ay nagmula sa Diyos kaya't marapat lamang na siya ay mahalin at paglingkuran. Sa katotohanan, habang pinupuri at pinararangalan ng tao ang Diyos, bumabalik sa kanya ang pagpapala hindi sa Diyos dahil ang Diyos ay ganap at perpekto. Kung kaya kapag pinupuri at pinasasalamatan ng tao ang Diyos, siya ay napupuspos, nagagalak at nagkakaroon ng kaluwalhatian. Sa paraang ito, napabubuti pa ang kanyang relasyon sa Diyos.

Ang tao ay mayroong katawan at kaluluwa. Ang katawan ay maaaring maging daan ng pagkilala sa kapangyarihan ng Diyos. Ang pagdarasal ay paraan ng pagpupuri sa Diyos ngunit mas higit ang pamumuhay na mabuti at paggawa ng mabuti sa kapwa.

Ang lubos na pananampalataya sa Diyos at pagpapaunlad ng ating ispiritwal na kalikasan ay maipahahayag sa mga aktibo o kumikilos na paraan. Ang mabuting pamumuhay, pagtulong sa kapwa at pakikisangkot sa lipunan at simbahan ay mga paraan ng pagsasabuhay ng pananampalataya.

Batay nga sa Banal na Kasulatan, “Patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa”. Hindi mo maaaring sabihin sa isang taong

nagugutom na ipagdasal niya ang kanyang pagdurusa. Kailangang may gawin ka upang maibsan ang kanyang gutom.

Ayon sa tula ni Catherine Janssen, We Leave His Mark, nag-iiwan tayo ng marka sa bawat kabutihang ating ginagawa. Ang bawat pagtugon natin sa pangangailangan ng iba ay nagdudulot ng kabutihan ng loob sa iyo at sa taong iyong natulungan. Para sa iyo, gumagaan ang iyong kalooban dahil umuunlad ang iyong buhay ispiritwal. Sa taong iyong natulungan, gumagaan ang kanyang kalooban dahil may tumulong sa kanilang maibsan ang kanilang pagdurusa. Ito rin ay pumipigil sa kanilang mag-isip ng masama o gumawa ng masama dahil sa kanilang pagdurusa. Higit sa lahat, ang taong tumutulong sa naghihirap ay nagbibigay ng pag-asa at kaligayahan sa kanilang puso.

## V. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Panuto: Gumawa ng iskedyul ng iyong gagawin sa loob ng isang linggo upang isabuhay ang iyong pananampalataya. Magbigay ng paliwanag sa ikatlong kolum. Gabay mo ang pahayag sa Gawain Blg. 3 at ang halimbawa sa araw ng Linggo.

| Araw | Mga Gagawin Ko | Paliwanag |
|---|---|---|
| Linggo | Pagkatapos magsimba, dadalawin ko ang kaibigan kong may suliranin | Sa aking pakikinig sa suliranin ng aking kaibigan, mababawasan ang nadarama niyang pagdaramdam |
| Lunes | | |
| Martes | | |
| Miyerkules | | |
| Huwebes | | |
| Biyernes | | |
| Sabado | | |

## VI. Gaano Ka Natuto?

A. Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Piliin ang titik na may tamang sagot.

1. Ano ang kahulugan ng pahayag na "patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa"?
   a. Mahirap maligtas ang iyong kaluluwa kung magdarasal ka lamang.
   b. Nasa pagtulong sa kapwa ang pagsasabuhay ng pananampalataya.
   c. Ipagdasal nating ang mga taong nagugutom.
   d. Nalalapit sa Diyos ang taong kumikilos.

2. "Nag-iiwan tayo ng marka sa bawat kabutihang ating ginagawa." Ano ang ibig sabihin nito?
   a. Iginuguhit sa palad ng tao ang kanyang mga ginagawa.
   b. Nakikilala ang ginawang kabutihang ginagawa natin sa ating kapwa.
   c. Nararamdaman ng tao ang iyong kabutihan.
   d. Ang gawang mabuti ay nakaguhit sa ating buhay.

3. Likas sa tao ang pagiging maka-Diyos at ang patunay nito ay:
   a. ang pagtatanong ng tao ukol sa kapangyarihan ng Diyos.
   b. ang pagdududa ng tao sa kapangyarihan ng Diyos.
   c. ang pagtanggap niya sa kanyang mga lakas at kahinaan.
   d. ang patuloy niyang pag-aaral at pananaliksik sa katotohanan

4. Isinilang ang tao na hindi perpekto katulad ng Diyos subalit maaari siyang:
   a. sumunod sa kapangyarihan ng Diyos.
   b. tumulad sa kabutihan ng Diyos.
   c. manalangin upang maging perpekto tulad ng Diyos.
   d. magsaliksik upang maging perpekto tulad ng Diyos.

5. Hindi maaaring sabihin sa isang taong nagugutom na ipagdasal niya ang kanyang pagdurusa. Kailangan ay:
   a. manalangin ka rin upang maibsan ang kanyang gutom.
   b. makiramay ka sa kanyang gutom na nadaraman.
   c. may gawin ka upang maibsan ang kanyang gutom.
   d. tumawag ng ibang taong maaaring tumulong sa kanyang pagdurusa.

B. Subukin mong ilapat sa sumusunod na sitwasyon ang iyong natutuhan sa aralin. Isulat sa ibaba ng bawat sitwasyon ang dapat gawin ng tuahan upang maging aktibo at maisabuhay ang kanilang pananampalataya.

1. Si Ralph ay relihiyoso. Siya ay nagdarasal bago at matapos ang kanyang gawain. Araw-araw sa kanyang paglalakad, bago matulog at pagkagising ay nagdarasal siya. Ngunit ito lamang ang kanyang binibigyan ng tuon, ang pagdarasal.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Nagsisimba si Armando tuwing Linggo. Inuna niya ang pagsisimba kaysa sa iba niyang gawain. Nakikinig siyang mabuti sa pangaral sa simbahan. Ngunit pag-uwi sa bhay ay nidi niya mapigil na mainis at magalit sa bunsong kapatid dahil laging nakakalat ang laruan nito. Sinsigawan niya ito at nagagalit.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Si Donna ay mabai na kamag-aral subalit ayaw niyang tinatanong siya sa mga gawaing bahay dahil ito raw ay dapat na ginagawa sa tahanan.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Matalino si Mabel at mayaman kaya't lagi siyang nangunguna sa klase ngunit ayaw niyang sumali sa mga gawaing may kinalaman sa paglilinis ng paaralan.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

5. Sikat si Jose na SK Chairman dahil mahusay siyang magsalita. Siya ay mabait subalit lagi siyang abala sa paaralan kaya wala siyang ginagawa sa kanilang pamayanan.

   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

## Mga Sanggunian


Cabato, Carmen, et. al. 1998. Valuing My Community. Manila: Vibal Publishing Inc.

Cabato, Carmen. et. al. 1998. Valuing Myself. Manila: Vibal Publilshing Inc.

De Torre, Joseph. 1989. Virtue, The Values Education. Manila: Sinagtala Publisher.

Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Sangguniang Aklat, SEDP-IDMC. Manila: Rex Bookstore.

## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

A.

1. b
2. b
3. d
4. b
5. c

B.

| Iskor | Antas ng Pagsasabuhay ng Pananampalataya |
| --- | --- |
| 21-30 | Mataas ang antas ng pagsasabuhay ng pananampalataya |
| 11-20 | Katamtaman ang antas ng pagsasabuhay ng pananampalataya |
| 0-10 | Mababa ang antas ng pagsasabuhay ng pananampalataya |

Gaano ka Natuto?

A.

1. b
2. b
3. d
4. b
5. c

B.

1. Matutong makipagkapwa, tumulong sa kapwa. Isabuhay ang mga ipinagdarasal at hinihingi sa Diyos.
2. Isabuhay ang aral at turo ng simbahan. Pagpasensiyahan ang kapatid.
3. Magkaroon ng malasakit sa kapwa mag-aaral at turuan niya kung paano gawin ang takdang aralin.
4. Makiisa sa gawaing pampaaralan tulad ng pagpapanatili ng kalinisan.
5. Makisangkot at mamuno sa mga proyektong makakatulong sa mga kabataan.